



DV

Kasalanan Ko ba ?

Ating alamin ang domestic violence

Sa kasalukuyan kahit na ang imprentadong pahayagan ay kalat na sa buong mundo, alitan sa loob ng bahay ay dumadami. Ito ay isang halimbawa ng aktong domestic violence (DV) na nagaganap sa pagitan ng magkaulayaw na kinabibilangan ng asawa o kaya ay naka-deyt. "Umiwas sa karahasan." Anuman ang iyong kasarian o kaugalian pagsumikapan nating bumuo ng isang masiglang pamilya at relasyon?

Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng "DV Law"?

— Ipagtatanggol ka sa karahasan

Ang "DV Law" ay kinuha sa pina-igsing opisyal na "Batas para maiwasan at pangalagaan ang biktima sa karahasan." Ang batas na ito ay hindi lamang para sa babae kundi para din sa lalaki. Ipagtatanggol ka sa pang-aabuso ng iyong asawa o kasintahan. Sa kabila ng di pag-pansin sa karahasang ito, ang batas na ito ay binibigyang diin na ang pang-aabuso ng asawa ay labag sa karapatang pantao.

Mga abusado ay nagkakasala.

— Huwag maging biktima

Pagtiisan ang kaharasan ay di kabutihan. Karapatan mong siguruhin at bigyan respeto ang iyong sarili at anak. Tawag lang. Kung ang iyong kaibigan o kapamilya ay binabagabag ng karahasan, huwag sabihin sa biktima na "pagtitiis ay di sapat"o kaya ay pagsabihan siya ng iyong sariling pananaw. Dapat nating isaalang-alang ang karapatan ng biktima, payuhan natin sya ukol sa DV at lumapit sa DV consultation organization.

Mga sari-saring pag-abuso. Huwag panatilihin ang takot sa inyong puso. Kailangang humingi kayong tulong.

- ☆ **Physical violence** . . . Panununtok/ paninipa. Pagpupukol ng bagay sa inyo at panunulak.
- ☆ **Psychological violence** . . . Paggamit ng malalawang salita kagaya ng "Wala kang kuwenta! Sino nagpapakain sa iyo?"
- ☆ **Sexual violence** . . . Puwersahang pakiki-pagtalik at di paggamit ng kontraseptibo.
- ☆ **Economical abuse** . . . Hindi pagbibigay ng pinansiyal na suporta. Paggawa ng paraan para mawalan ng trabaho ang biktima at mawalan ng panggastos.
- ☆ **Abuse using child(ren)** . . . Pagtatago ng anak sa biktima at pananakit sa mga anak.

Paano mailalayo ang biktima sa abusado? Mayroong dalawang mahalagang paraan.

- ☆ **Stay away order** . . . Pinagbabawalan ang abusado na sundan ang biktima at lumapit sa paligid ng bahay at sa lugar na pinagtrabahuan sa loob ng anim(6) na buwan.
- ☆ **Order to vacate** . . . Binibigyang utos ang abusado na lisanin ang tahanan ng biktima sa loob ng 2 buwan. Pinagbabawalan din ang abusado na lumapit sa paligid ng bahay.



Huwag sarilinin ang DV. Ang serbisyong konsultasyon ay laging nakalaan para sa inyo dahil ito ang unang hakbang para makaiwas sa paksang DV.

- **Women's Support Center for DV (Spousal Violence Counseling and Support Center)** . . . 0 4 8 - 6 0 0 - 6 0 6 0
- **Linya ng biktima ng krimen** . . . 0 1 2 0 - 3 8 1 - 8 5 8
- **Istasyon ng pulis malapit sa inyo** . . . area code + 0 1 1 0
- **Fujimino International Cultural Exchange Center** . . . 0 4 9 - 2 6 9 - 6 4 5 0

www.ficec.jp/foreign/

● Mababasa mo ang "Information Fujimino" na nailimbag sa nakalipas.

Pagsasaayos ng sasakyan ay krimen!

Sa programang ilegal na pagsasaayos ng sasakyan noong nakaraang buwan, isang sasakyan na pag-aari ng banyaga ay hinuli ng pulis. Ang kaso niya ay pagdidikit ng de-kolor na bagay sa bintana ng drayber at pasahero. Walang kinalaman ito sa nasyonalidad. Sa ibang kaso, pagdidikit ng makintab na bagay at ilaw kung magpreno. Bukod dito tinatanggal din ang muffler. Ang pagsasaayos na ito ay mapanganib at nakakagambala.

Sa mga mabubuting mamamayan na katulad mo, isip natin na konting pagsasaayos ay ok lang. Pero depende ito sa kaso, maaring magdulot ito ng aksidente at krimen. Isipin natin na ang sasakyan ay transportasyon para komportable sa buhay.

Tulong sa pagpasok sa Kinder

Para mapagaan ang suliraning pinansiyal ng mga pamilyang may anak na papasok sa kinder, ang siyudad ng Fujimi ay nagbibigay ng tulong pinansiyal (charge of childcare) .

○ Ang aplikante ay dapat na nakarehistro sa siyudad ng Fujimi. Ang anak ng mga aplikante ay dapat na nasa 3~5 taong gulang o magiging 3 taon sa taong 19th ng Heisei. Kailangan din makumpleto nila ang aplikasyon ng kinita sa taong 18th ng Heisei.

○ Paano mag-aplay: Ang mga kailangang dokumento ay maaring makuha sa kinder skul. Sulatan ito at isumite sa skul. Sa ibang siyudad at bayan, mayroon ding serbisyong katulad nito. Kung kayo ay interesado pumunta lamang sa mga pampublikong opisina na malapit sa inyo.

Sa siyudad ng Fujimi, ang dibisyong administrasyon ng edukasyon ang may hawak nito.

Pagtitipon ng mga magulang na may anak Skedyul ng Agosto

Sa Fujimino International Cultural Exchange Center ay may ginaganap na buwanang "Pagtitipon ng mga magulang na may anak". Ang okasyong ito ay para maibahagi ang mga kasiyahan at paghihirap ng pag-aalaga ng anak ng mga hapon at banyagang residente

Ang pagtitipon na ito ay bago lang pero marami ang nakikilahok bawat buwan. Sa Hulyo, gumawa kami ng orihinal na pamaypay gawa sa papel . Kami ay nagagalak na makita kayo muli sa susunod.

Skedyul sa susunod na buwan.

<Petsa> 2007, 8/28

<Lugar> Yamazaki Park

<Katanungan> Nakasaad sa baba

E-mail: oya@hansokuya.com

TEL: 256-4290



Renew proceedings ng sustento ng bata !

Ang siyudad ng Fujimi ay ipinapatupad na ang pagpapanibago ng sustento ng bata (ipinagkakaloob lamang sa mga single-mother family). Kung kayo ay tumatanggap ng sustento, kailangan ninyong magpanibago ng inyong taunang kita sa panahong nakasaad sa baba.

○ Panahon Agosto 6 (Lunes) ~ Agosto 10 (Biyernes) 9am ~ 4:30pm

○ Lugar Munisipyo ng Fujimi, 1st floor, Conference Room

(Ang sulat abiso ay ipapadala sa bawat pamilya sa katapusan ng Hulyo. Siyasating mabuti at kung sakaling di maintindihan, kontakin ang Child-rearing support division ng siyudad ng Fujimi o kaya Fujimino International Cultural Exchange Center).

Mga banyagang estudyante na suportado ang sarili ay may sustento !

Alam mo ba ang "Foreign students exgratia payment system"

Mahirap magkasakit kung nakatira ka sa ibang bansa. Para mapagaan ang ligalig na ito, ang "Foreign student exgratia payment system" ay naitatag. Ito ay ibinabahagi ng Saitama Int'l Ass'n sa mga banyagang estudyante (1) na nakatira at naga-aral sa uniberidad ng Saitama, (2) suportado ang sarili (3) sa mga na-ospital dulot ng sakit o pinsala base sa itinakdang panahon. Kung kayo ay nag-aplay sa sistemang ito, may sustento kayong matatanggap na 30,000 yen (isang beses lamang.)

● Aplikasyon: Ipadala ang mga sumusunod na dokumento sa Saitama International Association:

① "Application form of Foreign students exgratia payment system" ay ibinabahagi sa bawat unibersidad ② Medical certificate ③ Kopya ng libreta ④ Kopya ng student identification card

⑤ Kopya ng alien registration certificate. Para sa mga detalye kontakin ang Saitama Int'l Ass'n.

Saitama Int'l Ass'n Urawa Chiho Chosha 3rd floor, 5-6-6 Kitaurawa Urawa-ku, Saitama-shi, Saitama-ken, 330-0074

TEL 048-833-2992 FAX 048-833-3291

www.ficec.jp/living/

● Gabay sa buhay na salin sa anim(6) na wika.